



San Diego County Library

PATAKARAN SA PAGBUO NG KOLEKSYON

IMPORMASYON

Ibinibigay ng San Diego County Library ang mga pangangailangan ng publiko sa interes sa impormasyon, pang-edukasyon, at pangkalahatang interes sa pamamagitan ng 33 aklatan sa komunidad, limang (5) MySDCL Library Kiosk, mobile outreach vehicle, at isang Administrative Office. Ang lugar na pinaglilingkuran ng SDCL ay binubuo ng labing-isang (11) lungsod na pinapamamahalaan ng lokal na korporasyon at ang bahagi ng San Diego County, California na hindi pinamamahalaan ng lokal na korporasyon. Ang SDCL ay walang Central Library, walang departamento ng paksa, at eksklusibong naglilingkod sa mga customer nito sa pamamagitan ng mga sangay ng aklatan sa suburban, maliit na bayan, at rural.

Sinusuportahan ng koleksyon ng SDCL ang mga sumusunod na madiskarteng layunin na tinukoy sa madiskarteng plano ng Library:

- Itaguyod ang pagkatuto
- Isulong ang pakikipag-ugnayan sa lipunan
- Maghikayat ng pagbabasa
- Bumuo ng mga pagkakataon para ma-enjoy ang kultura at ang sining

LAYUNIN

Ginagampanan ng patakaran sa pagbuo ng koleksyon ang maraming layunin. Ito ay isang framework para sa paglaki at pagbuo ng koleksyon sa aklatan. Tumutulong itong ituong ang mga kawani ng Pagbuo ng Koleksyon sa misyon ng SDCL. Ipinaalam nito sa mga kawani ng aklatan, sa publiko, at sa aming mga ka-partner ang mga alituntunin na gumagabay sa aming koleksyon. Sinusuportahan nito ang mga prinsipyo ng kalayaang pangkaisipan, ang access sa maraming iba't ibang ideya at impormasyon para sa lahat. Nagbibigay ito ng proseso para sa pagtugon sa mga alalahanin tungkol sa koleksyon ng gumagamit ng aklatan.

PINAGTUTUUNAN NG KOLEKSYON

Ang SDCL ay isang sikat na aklatan ng mga materyal na nakatuon sa mga mapagkukunan na bago at palaging hinahanap ng ating komunidad. Ang koleksyon ng Library ay sumasalamin sa hanay ng mga pananaw at sa pagkakaiba-iba ng lipunan, ekonomiya, at kultura ng rehiyon. Pinapanatili rin ng Library ang isang koleksyon ng mga materyal na sumusuporta sa mga pangunahing pangangailangan sa impormasyon at panghabambuhay na pagkatuto ng pangkalahatang publiko, kahit na hindi gaanong sikat. Sinusuportahan ang mga pangangailangang pang-edukasyon para sa mga estudyanteng nasa baitang K-12 bilang pandagdag sa aklatan ng paaralan, at hindi pamalit dito. Susuportahan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas mataas na edukasyon kapag nag-overlap ang mga ito sa ibang mga lugar ng serbisyo. Ang mga pangangailangan sa pagbabasa at pananaliksik na hindi natutugunan sa pamamagitan ng koleksyon ay naa-access sa pamamagitan ng mga kasunduan sa consortia at interlibrary loan.

RESPONSIBILIDAD SA PAGPILI

May Departamento ng Pagbuo ng Koleksyon ang SDCL, na binubuo ng mga propesyonal na librarian, na ang pangunahing responsibilidad ay piliin ang lahat ng materyal na idaragdag sa koleksyon, maliban sa mga nakalista sa ibaba.

- Mga magasin – pinipili ng mga kawani ng sangay
- Mga database – pinipili ng isang komite ng mga librarian sa pamamagitan ng mapagkumpitensyang proseso ng pagkuha
- Pumipili at bumibili rin ng mga pamagat ang mga grupo na Individual Friends of the Library na may paghihigpit sa paggamit para sa isang limitadong tagal ng panahon

MGA PAMANTAYAN SA PAGPILI

Mga Pangkalahatang Pamantayan

- Kasalukuyan o inaasahang pangangailangan o hahanapin ng komunidad
- Mga kanais-nais na review sa propesyonal o popular na media
- Mga kwalipikasyon at/o reputasyon ng may-akda, artist, o tagalathala
- Pagtanggap ng o nominasyon para sa mga pangunahing parangal
- Katumpakan
- Napapanahon
- Kontribusyon sa lawak ng koleksyon
- Kontribusyon sa pagkakaiba-iba ng nilalaman ng koleksyon
- Kaangkupan ng format para magamit sa aklatan

- Kalidad ng produksyon
- Kaangkupan para sa nilalayong audience
- Kaugnayan sa komunidad
- Gastos
- Mga limitasyon sa pisikal na espasyo
- Modelo ng paglilisensiya para sa mga digital na materyal

Hinahanap – Bumibili ang Library ng mga karagdagang kopya ng mga pamagat para mabawasan ang mga oras ng paghihintay para sa mga pamagat na hinihiling ng customer. Layunin ng SDCL na makamit ang oras ng paghihintay na tatlong buwan o mas mababa.

Mga Kahilingan para sa Pagbili – Isinasaalang-alang ng SDCL ang mga item na hiniling ng mga customer at kawani. Sasailalim ang mga inirerekomendang item sa parehong mga pamantayan sa pagpili tulad ng sa lahat ng iba pang materyal na pinipili ng mga kawani ng Library.

Mga Format – Nangongolekta ang Library ng mga materyal na may iba't ibang format kabilang ang print, audiovisual, at digital. Tinutukoy ang mga format batay sa hinahanap ng komunidad, tibay, pagiging available, at pagiging sulit. Madalas na ipinapakilala sa merkado ang mga bagong format ng electronic at digital na media. Pinag-aaralan nang mabuti ng aklatan ang bawat bagong format para masuri ang pagiging angkop ng mga ito sa paggamit sa pampublikong paggamit sa aklatan. Kadalasan ay kailangan ng sapat na oras para maayos na matukoy kung makakakuha ang mga ito ng pangmatagalan at malawakang pagtanggap ng publiko, bago matukoy kung alin ang idaragdag sa koleksyon. Inaalis ang mga lumang format habang hindi na masyadong hinahanap ang mga ito sa komunidad.

Pagkakaiba-iba – Nakatuon ang SDCL sa pagbibigay ng koleksyon na kinakatawan ang ating populasyon at nagbibigay-daan din sa mga mambabasa na tuklasin ang mga pananaw at karanasan ng iba. Batid namin na, ayon sa kasaysayan, hindi sumasalamin ang aming mga gawi sa pagpili sa pagkakaiba-iba ng pinagmulan ng mga mamamayan ng San Diego County. Nagresulta ito sa isang koleksyon na hindi sapat na kumakatawan sa ating komunidad. Nagsasagawa ng mga hakbang ang SDCL para masolusyunan ito sa pamamagitan ng 1) pagtiyak na nakatuon ang malaking porsyento ng mga biniling bagong pamagat sa mga populasyon na hindi masyadong kinakatawan; 2) pagbili ulit ng mga kopya ng mga mas luma, pero nauugnay pa rin na pamagat, dahil nasisira at inaalis ang mga ito sa koleksyon. Pinagtutuunan ang mga pamagat na ginawa ng mga indibidwal na ibinabahagi ang mga pananaw o katangiang kinakatawan ng kanilang mga akda. Gayunpaman, hindi sumasalamin ang industriya ng paglalathala sa mga populasyon, sa ating county, estado, o bansa.

Habang nagsisikap ang industriya ng paglalathala sa pagpapahusay ng representasyon, inaasahan namin na sa pamamagitan ng mga pagbabagong ito na sinamahan ng aming mga pagsisikap, magkakaroon kami ng koleksyon na mas kumakatawan sa ating populasyon sa mga darating na taon.

Mga Wika sa Mundo – Nagtalaga ang Lupon ng Mga Supervisor ng San Diego County ng mga wika na may higit sa 5,000 nagsasalita sa County bilang mga pangunahing wika. Sa pagsisikap ng SDCL na magbigay ng mga materyal sa lahat, bumibili ang aklatan ng mga materyal sa mga pangunahing wika kung available. Bukod pa rito, nangongolekta ang SDCL ng mga materyal sa iba pang wika na aktibong ginagamit sa komunidad, nagpapakita ng pangangailangan sa mga ito, at mabibili na.

Mga Koleksyon para sa Mga Bata at Tinedyer – Hinahangad ng Library na magbigay ng koleksyon na sumasalamin sa iba't ibang karanasan ng mga bata at tinedyer sa ating komunidad at nagbibigay-daan sa kanila na tuklasin ang mundo at ang kanilang mga interes. Ang nilalayong antas ng pagbabasa at pag-unlad ay mula kapanganakan hanggang baitang 6 para sa koleksyon para sa mga bata at baitang 7 hanggang 12 para sa koleksyon para sa mga tinedyer. Gayunpaman, ang mga antas ng pagbabasa at pag-unlad ay mga subjective na pagsukat, at itinatalaga ng aklatan batay sa mga rekomendasyon ng tagalathala at mga propesyonal na pagsusuri. Inirerekomenda ng Library na suriin ng mga magulang at tagapag-alaga ang mga materyal kasama ang kanilang mga anak para matukoy kung natutugunan ng mga ito ang kanilang mga pangangailangan.

Maaaring kabilang sa koleksyon ang materyal na kontrobersyal o nakakasakit sa ilan. Hindi nililimitahan ng Library ang kalayaang magbasa o magtanong para sa mga customer anuman ang edad. Responsibilidad ng mga magulang at tagapag-alaga na gabayan at patnubayan ang mga pinipiling basahin, pakinggan, at tingnan ng kanilang sariling mga menor de edad na anak.

Sanggunian – Ang San Diego County Library ay may malalaking koleksyon ng sanggunian sa mga sangay ng El Cajon at Vista at may maliliit na koleksyon ng sanggunian sa mga sangay sa kapitbahayan. Karaniwang nililimitahan ang mga item ng sanggunian sa paggamit sa sangay sa itinalagang lokasyon nito.

Lokal na Kasaysayan – Maraming sangay ang may koleksyon ng mga pamagat tungkol sa lokal na kasaysayan ng komunidad at likas na kasaysayan ng rehiyon. Kabilang sa mga koleksyong ito ang mga panandalian, pang-akademiko, at espesyal na item at format na hindi kasama sa regular na koleksyon. Pumipili at nagsasaayos din ang SDCL ng digital na koleksyon ng lokal na kasaysayan. Tingnan ang *“Digital na Koleksyon ng Lokal na Kasaysayan”* para sa iba pang impormasyon.

Pagiging Napapanatili – Ang pananaw ng County of San Diego sa pagiging napapanatili ay nag-aatas sa amin na tiyakin ang kinabukasan ng ating rehiyon, sa pamamagitan ng pag-una sa pagiging napapanatili sa aming mga operasyon na lubos na nakapaloob sa ating kultura. Bukod pa rito, miyembro ang SDCL ng Sustainable Libraries Initiative at sinusuportahan nito ang County sa mga pagsisikap nito na itaguyod ang naipagpapatuloy na paraan ng pamumuhay. Kabilang dito ang pagbili ng isang malawak na koleksyon ng mga pamagat tungkol sa pangkalahatang interes sa mga nauugnay na paksa, na nagdaragdag ng mga espesyal na dokumento na inirerekomenda ng County Office of Sustainability and Environmental Justice at iba pang entidad ng pamahalaan.

Kabilang sa aming mga pagsisikap para mapahusay ang pagiging napapanatili ng aming koleksyon ang isang digital na koleksyon, koleksyon na hindi pag-aari ng anumang sangay, pagbuo ng sentralisadong koleksyon, muling pagbebenta, at/o pagre-recycle ng mga materyal na inalis sa koleksyon, at aktibong pagpili at pagtataguyod ng koleksyong magkakaiba ang nilalaman na sumasalamin sa komunidad. Bukod pa rito, pinamamahalaan ng SDCL ang koleksyon para matiyak na sumasalamin ito sa mga interes ng komunidad sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang data, kabilang ang input ng paghiram, sirkulasyon, at input ng customer.

Koleksyon tungkol sa Kaalaman sa Pagbasa at Pagsulat – Bumibili ang Library ng mga materyal para suportahan ang mga programa ng SDCL sa Adult Literacy, English as a Second Language (ESL) at pagtuturo sa mga nasa hustong gulang na magbasa. Kabilang sa mga materyal ang mga aklat at media na pang-edukasyon na may kaugnayan sa pagbabasa, pagsusulat, at pag-unawa, pati na rin ang fiction at nonfiction para sa mga nasa hustong gulang na natututong magbasa. Kasama sa koleksyon tungkol sa Kaalaman sa Pagbasa at Pagsulat ang mga materyal na nakalagay sa mga koleksyong limitadong maa-access, pati na rin sa pangkalahatang koleksyon.

Mga Ka-partner ng Consortia – Nakikibahagi ang SDCL sa dalawang consortia lending partnership, Circuit, at Link+. Ang Circuit ay isang pagtutulungan sa pagitan ng mga pampublikong aklatan at aklatan ng unibersidad sa San Diego. Kasama sa Link+ ang mga pampublikong aklatan at aklatan ng unibersidad sa buong estado ng California. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga partnership na ito, nakakapagtuon ang SDCL sa isang piniling koleksyon para sa ating mga lokal na komunidad, habang pinapanatili pa rin ang access sa isang mas malawak na iba't ibang pamagat at interes.

Mga lokal at Self-published na may-akda – Bumibili ang Library ng mga lokal at self-published na pamagat kapag natutugunan ng mga ito ang mga pamantayan sa pagpili na nakabalangkas sa patakarang ito. Ang mga donasyon ng isang kopya ng mga akda ng mga lokal na may-akda o artist ng San Diego County ay tinatanggap pa rin para sa pagsusuri kahit na hindi natutugunan ng mga ito ang mga

karaniwang kinakailangan para sa pagbili. Ang isang kopya ng pamagat ay idinaragdag kapag natutugunan nito ang mga minimum na kinakailangan para sa katumpakan, kalidad, pagiging napapanahon, at format. Kabilang sa mga karaniwang dahilan kung bakit hindi idinaragdag ang mga lokal na item ang:

- Mga aklat na na-bind ng spiral o staple
- Mga nagagamit na pahina (mga pahina para sa pagkulay, pahinang pinupunit, atbp.)
- Lumang nonfiction
- Nonfiction na may mga paksang isinulat ng mga indibidwal na walang tamang kredensyal
- Masyadong maraming mali sa gramatika

Mga Donasyon – Tumatanggap ang library ng mga donasyong pera para mapahusay ang koleksyon, na maaaring italaga para sa mga partikular na audience o uri ng materyal. Hindi maaaring paunlakan ang mga kahilingan para sa mga partikular na pamagat. Dapat aprubahan ng mga kawani ng Pagbuo ng Koleksyon ang mga pagtatalaga bago tanggapin ang mga ito.

Hindi tinatanggap na idagdag sa koleksyon ang mga donasyon na mga pisikal na materyal maliban kapag hindi magagamit ang mga ito para sa paunang pagsusuri para sa sirkulasyon sa pamamagitan ng mga pangunahing tagabenta ng materyal ng Library. Dapat aprubahan ng mga kawani ng Pagbuo ng Koleksyon ang lahat ng pagbubukod.

Kabilang sa ilang halimbawa ng mga item na maaaring tanggapin ang:

- Mga pamagat ng mga lokal na may-akda
- Mga pamagat na may kaugnayan sa San Diego County
- Mga materyal sa pandaigdigang wika

Lahat ng donasyon ay nagiging pag-aari ng koleksyon.

PAMAMAHALA NG KOLEKSYON

May isang nakabahaging koleksyon sa lahat ng lokasyon ang San Diego County Library. Hindi itinuturing na pag-aari ng isang partikular na lokasyon ang mga indibidwal na pamagat at kopya. Samakatuwid, ang mga pangangailangan ng sistema ng aklatan, sa kabuuan, bilang karagdagan sa mga pangangailangan ng indibidwal na sangay ay isinasaalang-alang kapag nagsasagawa ang mga tauhan ng pamamahala ng koleksyon.

Koleksyon na hindi pag-aari ng anumang sangay

May koleksyon ang San Diego County Library na hindi pag-aari ng anumang sangay. Nagpapalipat-lipat ang mga materyal sa kada sangay batay sa mga kahilingan ng

mga customer at sa mga pangangailangan sa mga partikular na lokasyon ng sangay. Pumipili ang Team ng Pagbuo ng Koleksyon ng mga pamagat at dami ng mga ito batay sa inaasahang mga pangangailangan ng sistema. Itinatalaga ang mga item sa mga paunang lokasyon batay sa mga kahilingan ng customer, laki ng at sirkulasyon sa sangay, at interes ng komunidad.

Pag-aalis ng mga materyal

Inaayos ang mga koleksyon ayon sa nagpapatuloy na batayan na alisin ang mga item na hindi na nakakatugon sa mga pamantayan ng koleksyon, kadalasan kapag ang mga ito ay hindi na napapanahon, luma na, o kapag hindi na masyadong hinahanap ang mga ito. Ang mga inaalis na materyal ay ibinebenta ulit para pakinabangan ng SDCL, nire-recycle, o ibinibigay sa mga departamento ng County at mga organisasyon ng komunidad ayon sa patakaran na nakabalangkas sa Patakaran O.18 sa Pagtatapon ng Mga Inalis na Materyal sa Aklatan ng County.

Imbentaryo

Ang catalog ng Library ay ang opisyal na rekord ng koleksyon. Para matiyak na tumpak ang rekord, kinukumpleto ang isang imbentaryo ng buong koleksyon kada taon. Sinusuri ng mga kawani ang iba't ibang bahagi ng koleksyon kada buwan, na kung saan naghahanap sila ng mga item na hindi na-circulate sa nakalipas na dalawang taon. Kukumpletuhin ang isang karagdagang imbentaryo ng sample sa 4 na sangay bawat taon para matukoy ang mga potensyal na isyu.

Mga koleksyon ng deposito

Sinusuportahan ng ilang sangay ang komunidad sa pamamagitan ng mga koleksyon ng deposito, na nasa mga lokasyong wala sa site. Iniingatan at pinapanatili ng mga kawani ng sangay ang mga koleksyon ng deposito, batay sa profile ng customer sa Kasunduan sa Koleksyon ng Deposito at mga kasalukuyang materyal na nasa sangay. Ang mga site ay maaaring humiling ng format, antas sa pagbabasa, genre, o paksa, pero hindi mapapaunlakan ang mga kahilingan para sa mga partikular na pamagat. Nananatiling pag-aari ng SDCL ang mga materyal at ibabalik ang mga ito sa pangkalahatang koleksyon sa pagtatapos ng 30 araw na panahong paghiram sa aklat. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Patakaran O.68 ng Pagkolekta ng Deposito.

Balanse sa Koleksyon

Sinusuri ng SDCL ang mga koleksyon, sa lahat ng sistema at sa bawat sangay, taon-taon o kada kalahati ng taon para matukoy kung naaangkop ang dami ng bawat kategorya ng materyal sa dami ng naghahanap ng mga ito. Ang balanse ng koleksyon ay iniaangkop kapag kinakailangan, depende sa pagiging available ng mga materyal at badyet.

KALAYAANG PANGKAISIPAN AT ANG KALAYAANG MAGBASA

Sinusuportahan ng SDCL ang kalayaang makakuha ng impormasyon at ang karapatan ng isang indibidwal na magbasa, makinig, o tumingin ng mga materyal na gusto niya, para sa mga layuning pang-edukasyon at panlibangan nang walang paghihigpit, gaya ng nakabalangkas sa mga sumusunod na dokumento (tingnan ang Mga Appendix):

- Batas AB1825 ng California ukol sa Kalayaang Magbasa
- COSD BOS Mga Aklat na Tinututulan at Ipinagbabawal 8-27-24, Num. 18 ng Kautusan ng Katitikan

Alinsunod sa Batas ng California ukol sa Kalayaang Magbasa, kinikilala rin ng SDCL ang mga sumusunod: natutugunan ng koleksyon ang malalawak at iba't ibang interes ng komunidad at iginagalang nito ang awtonomiya ng aklatan at mga partikular na pangangailangan ng komunidad nito; ang pampublikong aklatan ay nagsisilbing sentro ng boluntaryong pagtatanong at pagpapalaganap ng impormasyon at mga ideya; dapat ay magbigay ng mga materyal sa aklatan para sa kapakanan, impormasyon, at kaalaman ng lahat ng tao, at dapat ay magpakita ang mga ito ng iba't ibang pananaw sa kabuuan ng koleksyon; ang karapatan ng publiko na magkaroon ng access sa iba't ibang ideya at karanasang panlipunan, pampulitika, aesthetic, moral, at iba pang ideya at karanasan.

Dahil dito, nagbibigay ang Aklatan sa komunidad ng County ng San Diego ng access sa isang malawak na hanay ng mga ideya at pananaw sa pamamagitan ng koleksyon ng Aklatan at mga kasunduan sa paghihiraman sa pagitan ng mga miyembro.

KAHILINGAN PARA SA MULING PAGSASAALANG-ALANG NG MGA MATERYAL SA AKLATAN

Maaaring kontrobersyal ang ilang materyal sa koleksyon ng Aklatan at maaaring ipagpalagay ng ilang partikular na indibidwal na hindi naaangkop ang mga ito para sa koleksyon. Sa mga sitwasyong ito, hinihikayat ang mga gumagamit ng aklatan na talakayin ang kanilang mga alalahanin sa mga tauhan ng aklatan sa kanilang lokal na sangay. Kung gusto ng gumagamit ng aklatan ng karagdagang pagsusuri sa pamagat, maaaring magbigay ang miyembro ng tauhan ng form na **Kahilingan para sa Muling Pagsasaalang-alang ng Mga Mapagkukunan sa Aklatan** (LIB 03-17).

Kapag natanggap ang isang form na *Kahilingan para sa Muling Pagsasaalang-alang*, ipapasa ito sa Tagapamahala ng Pagbuo ng Koleksyon at sa Komite ng Kalayaang Pangkaisipan. Titipunin ng Tagapamahala ng Pagbuo ng Koleksyon ang isang team para suriin ang pinag-uusapang materyal. Babasahin, titingnan, o pakikingnan ng

team ang buong materyal. Kapag tapos na, mangangalap ng impormasyon tungkol sa pinag-uusapang materyal at sa mga pamantayang ginamit sa pagpili sa item at susuriin ang materyal batay sa konteksto ng Patakaran sa Pagbuo ng Koleksyon. Batay sa impormasyong ito, magbibigay ang team ng rekomendasyon sa Administrasyon ng Library hinggil sa materyal na pinag-uusapan. Magbibigay ang Administrasyon ng Library ng nakasulat na tugon sa gumagamit ng library pagkatapos masuri ang item. Maaaring iapela ng mga gumagamit ng aklatan na humihiling ng karagdagang pagsusuri sa pamagat ang desisyon sa Direktor ng Library. Mananatiling nagagamit para sa sirkulasyon ang mga materyal na kasalukuyang sinusuri.

Tinatanggap at sinusuri ang mga form na **Kahilingan para sa Muling Pagsasaalang-alang ng Mga Mapagkukunan sa Library** kapag:

- Ang Humihiling ay residente ng San Diego County.
- Hindi pa nasuri ang pamagat na hinihiling para sa pagsasaalang-alang sa pamamagitan ng prosesong ito sa nakalipas na 12 buwan.

MGA DIGITAL NA KOLEKSYON

Kasama sa koleksyon ng SDCL ang iba't ibang mapagkukunan sa digital na format tulad ng mga database, mga online na tool sa pagkatuto, website, eBook, audiobook na nada-download, streaming media, at na-digitize na bersyon ng pisikal na media. Ang paghahanap para sa isang digital na item ay maaaring hindi katulad ng sa pisikal na item. Bilang resulta, maaaring kabilang sa digital na koleksyon ang mga pamagat, genre, at format na hindi kasama sa pisikal na koleksyon at vice versa. Pinipili ang mga digital na koleksyon gamit ang parehong mga pamantayan sa itaas, na may mga sumusunod na karagdagan o pagbubukod:

Mga Database

Nagbibigay ang SDCL ng access sa customer sa iba't ibang online na mapagkukunan, na nag-aalok ng panghabambuhay na pagkatuto at mga pagkakataong magsagawa ng pananaliksik. Ang mga ito ay mga may bayad na mapagkukunan na nakabatay sa subscription na inaalok ng aklatan sa mga residente ng County nang libre. Mga karagdagang pamantayan sa pagpili:

- Dali ng paggamit
- Feedback sa mga pagsubok sa database
- Bilang ng mga sabay-sabay na gumagamit
- Remote na pag-access
- Kaugnayan ng mapagkukunan sa print at digital na koleksyon
- Mga istatistika ng paggamit

Mga Panlabas na Website

Kasama rin sa SDCL ang limitadong bilang ng mga mapagkukunan at database sa website na kasama ng aming mga may bayad na subscription. Maingat na pinipili at isinasaayos ng aming team ng Pagbuo ng Koleksyon ang mga mapagkukunang ito.

- Kaugnayan ng mapagkukunan sa print at digital na koleksyon
- Saklaw ng website. Ang mga site na may mas malawak na saklaw na nagugustuhan ng maraming audience ay mas binibigyan ng pagsasaalang-alang
- Malinaw na pagkakakilanlan at pagiging maaasahan ng mga nagbibigay ng impormasyon
- Katumpakan at kaangkupan ng nilalaman
- Pagkakaroon ng mga ad, na pop-up o anuman
- Antas ng pagiging pangkomersyal
- Hindi idinaragdag ang mga site na sinisingil ang mga customer ng aklatan para magamit ang ilan o lahat ng nilalaman ng site, maliban kung napakahalaga ng libreng nilalaman, at hindi gumagamit ang site ng mga agresibong pamamaraan sa pagbebenta para hikayatin ang customer na magbayad para sa karagdagang nilalaman

Digital na Koleksyon ng Lokal na Kasaysayan

Pumipili at nagsasaayos ang SDCL ng digital na koleksyon ng lokal kasaysayan ng mga orihinal na pinagmulan na materyal, kabilang ang, pero hindi limitado sa mga larawan, dokumento, at pasalitang kasaysayan, na mahalaga sa kasaysayan ng rehiyon ng San Diego County. Gagawin ang lahat ng pagsisikap para maghanap ng mga kuwentong ipinapakita ang mga tinig ng lahat ng taong kinakatawan sa ating mga komunidad. Maaaring isama ang ilang dokumento tungkol sa kasaysayan ng mga grupong nagsusulong ng galit para sa mga layuning pananaliksik, pero hindi kapag umiiral lang ang mga ito para mag-udyok at/o maging dahilan ng pagkawatak-watak ng populasyon. Isinasaalang-alang ng SDCL ang mga sumusunod na pamantayan kapag pumipili ng mga item para sa koleksyong ito.

- **Kahalagahan sa kasaysayan** – gumagawa ng makabuluhang kontribusyon sa rekord ng kasaysayan ng San Diego County
- **Copyright** – isasaalang-alang lang ang isang item kung hindi ito sumasailalim sa copyright o kung ibibigay ang pahintulot mula sa may-ari ng copyright
- **Access** – dinaragdagan ng pagdi-digitize ang access ng publiko sa impormasyong limitado sa kasalukuyan. Ibabahagi ang na-digitize na koleksyon ng SDCL sa pamamagitan ng mga ka-partner para sa mas malawak na pag-access at pagtuklas
- **Pagiging available** ng mapagkukunan sa iba pang digital na koleksyon na na-access ng publiko

- **Pagpapanatili** – pinapanatili ng pagdi-digitize ang access sa mga materyal na madaling maluma. Kung kailangang sirain ang isang item para ma-digitize ito, magiging balanse ang pagpapanatili sa dinagdagang access at pagiging bihira ng item
- **Pagiging nagtatagal** – kapaki-pakinabang ang nilalaman para sa mga susunod na henerasyon
- **Demand** – bibigyan ng prioridad ang mga mapagkukunan na mas hinahanap sa komunidad
- **Format** – nasa format na maaaring i-digitize ang item. Maaaring bigyan ng prioridad ang mga item batay sa dali ng pag-digitize
- **Iba't iba ang nilalaman** – ang (mga) mapagkukunan ay nakakatulong sa paglalarawan ng lalim at pagkakaiba-iba ng mga indibidwal sa komunidad
- **Pinagmulan** – magagamit ang pinanggalingan at naglalarawang impormasyon para suportahan ang pagtuklas at paggamit ng item
- **Mga Ka-partner** – pakikipagtulungan sa mga panlabas na organisasyon. Gagawa ang SDCL ng mga koleksyon para sa mga ka-partner na organisasyon para mapalawak ang pampublikong pag-access, kung saan natutugunan ng koleksyon ang mga nakasaad na pamantayan sa pagpili at ang SDCL ay may mga mapagkukunang magagamit
- **Gastos ng County**
- **Pagpopondo** – maaaring bigyan ng prioridad ang mga proyekto sa pag-digitize kapag may espesyal na pagpopondo, tulad ng mga grant o donasyon, at natutugunan ng proyekto ang mga pamantayan sa itaas

Maaaring alisin ang mga item sa digital na koleksyon kung:

- Natukoy na hindi tumpak o hindi totoo ang nilalaman
- May paunawa sa paglabag sa copyright o plagiarism
- Hindi na mahalaga sa kasaysayan ang mga ito
- Nagbago ang koleksyon na kung saan ang item ay hindi na sumusunod sa misyon, mga pamantayan ng pagbuo ng koleksyon, o mga pamantayang nakasaan sa patakarang ito

Pagpapanatili

Dapat tingnan ang lahat ng na-digitize na materyal bilang pangmatagalang mga digital na ari-arian at mapangalagaan sa isang paraan na matitiyak ang pangmatagalang pananatili at kakayahang mailipat ng mga ito sa mga bagong format.

MGA APPENDIX

BATAS NG CALIFORNIA UKOL SA KALAYAANG MAGBASA (2024)

https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/billTextClient.xhtml?bill_id=202320240AB1825

**COSD BOS MGA AKLAT NA TINUTUTULAN AT IPINAGBABAWAL 8-27-24, NUM. 18
NG KAUTUSAN NG KATITIKAN**

<https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/cob/bos-document-search.html>

KATIPUNAN NG MGA KARAPATAN NG LIBRARY

<http://www.ala.org/advocacy/intfreedom/librarybill>

KALAYAANG MAGBASA

<http://www.ala.org/advocacy/intfreedom/freedomreadstatement>

KALAYAANG TUMINGIN

<http://www.ala.org/advocacy/intfreedom/freedomviewstatement>

(Reb. 11/2024)